Piskal na taong **2026**

# Lungsod ng Nagano para sa mga Tahanan - Kalendaryo ng Pagkolekta ng mga Recyclable at Basura

**Pakitapon ang mga basura sa itinakdang pook ng koleksiyon sa distrito hanggang 8:00 ng umaga sa araw ng koleksiyon.**

**May kanya-kanyang patakarang itinakda sa bawat pook ng koleksiyon. Hinihikayat ang kooperasyon ng lahat sa pagbabawas at pagbubukod ng mga basura!**

May kaso na kung saan hindi maaaring gawin ang pagkulekta kapag masama ang panahon, tulad ng malakas na pag-ulan ng niyebe, at iba pa.

**Ang basurang mula sa mga kalakal ay hindi maaaring itapon sa pook ng koleksiyon**

## Recyclables (mga bagay na maaaring i-recycle)

### Recyclable na Plastik


**Tanggalin ang anumang dumi o langis, ilagay sa itinakdang supot, at itapon sa pook ng koleksiyon**

Huwag doblehin ang supot! Ilagay nang direkta sa itinakdang supot

● **Mga lalagyan at paketeng gawa sa plastik**

(Tinatayang sukat o laki na maaaring itapon sa pook ng koleksiyon: Sa loob ng 1m x 50cm x 50cm)

Mga lalagyan at paketeng may markang Pla-mark (mga cushioning materials, bote, takip, cups, lambat, plastic bag, plastic wrap, tray ng pagkain, at iba pa)



Ang mga materyales na ginagamit bilang pambalot na hindi kasya sa itinakdang supot ay kailangang ibigkis bago itapon

*Ang mga label stickers na mahirap tanggalin ay maaaring iwanang nakadikit

*Hangga't maaari ay dalhin ang mga tray na kulay puti sa supermarkets, at iba pa kung saan ito kinukulekta

● **Mga produktong gawa sa plastik**

**Mga produktong gawa sa 100% plastik na hindi aabot sa 30cm ang haba at hindi aabot sa 5mm ang kapal**

←Paki-click dito, para sa impormasyon ukol sa pagkulekta ng mga bagay na gawa sa plastik na maaaring i-recycle



**Paalala: Mga bagay na hindi maaaring itapon bilang plastik na maaaring i-recycle**

Mga bagay na hindi matanggal ang dumi o langis (mga bote ng mantika sa pagluluto, mga tubes, retort pouch, at iba pa), mga produktong gawa sa plastik na may haba na 30 cm o higit pa o kapal na 5 mm o higit pa, mga kagamitang pangkalinisan (mask, toilet brush, at iba pa), kagamitang medikal sa bahay (IV bag, bag ng likidong pagkain, at iba pa)
➡ sa mga basurang sinusunog

### Papel

**Hatiin sa 4 uri, talian ng pisi nang hugis + (krus) bago itapon sa pook ng koleksiyon**

Siguruhing talian ng pisi kahit isang piraso ng papel lamang! Hindi puwede ang duct tape)

1. **Diyaryo at flyer inserts** (na kasamang nakapaloob sa diyaryo lamang)
2. **Karton** (na may hugis alon sa gitna o corrugated core)
3. **Karton ng inumin** (na kulay puti ang loob) Hugasan at patuyuin
4. **Magasin at iba pang lumang papel.** Libro, magasin, kuwaderno, kahong walang laman, base mounting paper, papel na pambalot, papel na pang-memo, toilet paper tubes, at iba pa




Alisin ang mga hawakan na hindi gawa sa papel

Ipitin ang maliliit na lumang papel sa pagitan ng magasin o kahong walang laman, o ilagay sa lumang sobre o paper bag at talian bago itapon

**Paalala: Mga bagay na hindi maaaring itapon bilang papel**

Mga litrato, thermal paper (resibo, at iba pa), carbon paper, heat-sensitive foamed paper (papel para sa braille at iba pang papel sa pag-imprinta), iron-on transfer paper, tissue paper, papel na waterproofed, papel na nadumihan ng langis, mga palaman sa loob ng bag, sapatos at iba pa, karton ng inumin na may aluminum lining sa loob
➡ sa mga basurang sinusunog

### Lata •Lata ng spray at cassette gas canister

**Ilagay sa net bag na kulay asul sa pook ng koleksiyon**

Banlawan nang bahagya para maalis ang dumi at langis
Maaaring ilabas nang buo kahit hindi durugin, o di kaya'y durugin nang bahagya lamang

● **Lata ng spray at cassette gas canister**

Paalala: **Habang nasa labas at malayo sa apoy, palabasin ang lahat ng gas sa loob at butasan**



● **Lata** (アルミ aluminyo / スチール asero)



Ang mga natanggal na takip ng de-lata o bottle can ay maaaring isama sa pagtapon

**Paalala: Mga bagay na hindi maaaring itapon bilang lata**

Lata ng pintura, panggatong o langis na hindi spray can, at mga latang may sukat na 18 litro (ittokan) o higit pa
➡ sa mga basurang hindi sinusunog

### Mga bote (glass bottle)

**Ilagay sa color-coded na container sa pook ng koleksiyon**

Alisin ang takip, banlawan nang bahagya para matanggal ang dumi at mantika
Maaari din na isabay ang mga basag na bote kapag nakabukod ayon sa kulay
Hindi na kailangang tanggalin ang bahagi ng takip o label na hindi matanggal

① **Walang kulay at malinaw** — Kulay puting container
*Kakalip ang mga frosted glass

❷ **Kulay kayumanggi** — Kulay kayumangging container

❸ **Iba pang mga kulay** — Kulay asul na container
*Asul, berde, itim, at iba pa



Kung nahihirapang matukoy ang kulay matapos tingnan sa ilalim ng sikat ng araw, ilagay sa ❸ Iba pa (asul na lalagyan)
*Hangga't maaari, mas mabuting isauli sa tindahan ang mga bote ng beer, ishō bin (1.8L na bote)

**Paalala: Mga bagay na hindi maaaring itapon bilang bote**

Mga ceramics at porselana, bote na kulay milky white, tableware (baso, pinggan) na gawa sa salamin, bote para sa pag-imbak ng fruit liquor, bote na dati ay may lamang bagay na hindi pagkain o gamot, takip na gawa sa metal para sa bote
➡ sa mga basurang hindi sinusunog
Takip ng bote na gawa sa plastik
➡ sa mga bagay na gawa sa plastik na maaaring i-recycle

### Pagputol ng mga sanga, dahon, at iba pa

**Walang koleksiyon na gagawin mula sa Enero hanggang Marso**
*Maaaring dalhin sa Nagano City Recycle Center.

**Talian ng pisi ang mga sanga, at ilagay ang mga dahon at damo sa [supot na walang kulay kung saan malinaw na nakikita ang laman (kasing linaw o mas malinaw kaysa sa supot na itinakda ng siyudad)] bago itapon sa itinakdang pook ng koleksiyon**

Hindi kailangan ang sticker para sa malalaking basura

● Mga pinutol na sanga at dahon ng mga puno sa hardin, kawayan
● Mga halamang bulaklak sa hardin ● Mga damong ligaw
● Mga dahong nalaglag ● Mga tangkay at baging mula sa vegetable garden sa tahanan




Tanggalin ang maliliit na basura tulad ng upos ng sigarilyo, at iba pa
Ang sukat at bigat ay kailangang kayang buhatin ng isang taong may sapat na gulang nang mag-isa

Maaari din na gamitin ang lumang itinakdang supot

**Dalhin sa Nagano City Recycle Center kung marami ang itatapon**

*Kung dadalhin, kailangang talian ang mga sanga at ilagay ang mga dahon at damo sa supot na walang kulay at malinaw

**Paalala: Mga bagay na hindi maaaring itapon bilang mga sanga at dahon**

Gulay, prutas, bunga, buto, bulb o ugat ng tanim, mga tira sa pagluluto, mga produkto o naprosesong bagay na naglalaman ng kahoy, bulok na sanga at dahon, sanga at dahong may mga peste o insekto, mga non-native na halaman (invasive species), mga nakalalasong halaman
➡ sa mga basurang sinusunog
Mula sa mga gawain sa kalakal (kalakip ang agrikultura)
➡ Hilingin sa awtorisadong pasilidad ang pagproseso


### PET bottle

**Ilagay sa net bag na kulay berde sa pook ng koleksiyon**

PET — Ang markang ito ang gabay para sa pagbubukod!

**Boteng walang kulay at malinaw na may PET mark sa bote mismo o sa label**

Alisin ang takip at label, banlawan nang bahagya para maalis ang dumi
Maaaring ilabas nang buo kahit hindi durugin, o di kaya'y durugin nang bahagya lamang
(Ang ring na nasa bungad ng bote ay maaaring iwanang nakakabit)



**Paalala: Mga bagay na hindi maaaring itapon bilang PET bottle**

× Mga boteng walang PET mark, boteng may kulay, takip, label
➡ sa mga bagay na gawa sa plastik na maaaring i-recycle

× Mga bote na ginamit sa mga crafts, at iba pa
➡ sa mga basurang sinusunog

### Baterya


**Ilagay sa kulay pulang container sa pook ng koleksiyon**

● **Dry cell batter** — Ilagay nang buo sa container (Manganese, alkaline, at iba pa)

● **Mga rechargeable na batery** — Balutin para ma-insulate at ilagay sa supot na walang kulay at malinaw bago ilagay sa container

◆ Mga rechargeable na baterya na tinanggal mula sa maliliit na home appliances (Lithium-ion (Li-ion), Nickel-metal hydride (Ni-MH), Nickel-cadmium (Ni-Cd) at iba pa)
*Takpan ang mga terminals gamit ang tape

◆ Mga rechargeable na baterya na hindi matanggal — May sukat na hindi aabot sa 30cm na maliliit na home appliances
*Tanggalin ang mga piyesang maaaring tanggalin mula sa pangunahing unit, tulad ng charging cable, talim ng shaver, at iba pa



**Paalala: Mga bagay na hindi maaaring itapon bilang baterya**

Mga button battery (LR, SR, PR)
➡ sa mga tindahang nakikilahok sa pagkulekta nito
Para sa mga katanungan: Button Battery Collection Promotion Center ☎0120-266-205 http://www.botankaishu.jp

Mga coin-type lithium na baterya (CR, BR)
➡ kailangang naka-insulate bago itapon sa mga basurang hindi sinusunog
Maliliit na home appliances na may sukat na 30 cm o higit pa kung saan hindi matanggal ang rechargeable na baterya
➡ dalhin sa Resource Recycling Center
*Kailangang iabot nang direkta sa kawani

## May bayad para sa pagproseso ng basura — Mga basurang sinusunog (mga bagay na sinusunog na hindi recyclable)

**Malalaking basura** — Mga bagay na hindi kasya sa itinakdang supot ngunit kayang ikarga sa garbage truck. Tinatayang sukat o laki: sa loob ng 1 m × 50 cm × 50 cm. Idikit ang isang sticker para malalaking basura sa bawat basura bago itapon (粗大ごみシール 40円)

**Bago itapon sa pook ng koleksiyon, ilagay ito sa itinakdang supot**
Ang malalaking bagay na hindi kasya sa supot ay kailangang lagyan ng sticker para sa malalaking basura bago itapon

*Kung gagamitin ang dating itinakdang supot, bago itapon ay siguruhing idikit ang sticker na nagpapatunay na binayaran ito ayon sa laki ng supot (小 20円, 大 30円)

● **Mga papel na mahirap i-recycle**
◆ Mga papel na hindi maalis ang amoy (mga pambalot ng sabon, kahon ng incense, at iba pa)
◆ Mga papel na naproseso (Papel na may water proofing) (Papel na may aluminyor)
◆ Mga papel na dinurog o shredded paper — *Basain gamit ang sprayer
◆ Diapers na disposable — *Tanggalin ang dumi sa loob

● **Mga basurang nabubulok, at mga tirang pagkain sa pagluluto**
*Patuluin ang tubig
*Gumawa ng compost sa bahay!

● **Mga produktong gawa sa tela at katad**
*Ang bead cushions ay hindi maaaring itapon sa pook ng koleksiyon
*Ang plug o cord ng electric blanket o carpet ay kailangang itapon bilang basurang hindi sinusunog
*Ang mga bahaging gawa sa metal na hindi matanggal ay maaaring hayaang nakakabit

● **Mga produktong gawa sa goma** (Hose) *Putulin o talian

● **Mga produktong gawa sa kahoy at kawayan**
*Hindi maaaring itapon ang mga kahoy na may diyametro o kapal na 20 cm o higit pa (kalakip ang mga produktong tulad ng bayuhan (mortar), at iba pa)

● **Abo**
Ilagay sa itinakdang supot o isang matibay na supot na hindi madaling mapunit kahit mabasa, at sulatan ng "はい" (Hindi kailangang lagyan ng sticker para sa malalaking basura)

● **Mga sanga at dahon na may peste o insekto, mga non-native na halaman (invasive species), mga nakalalasong halaman**
Ilagay sa itinakdang supot o kaya ay, ilagay sa supot na walang kulay at malinaw, sulatan ng がいちゅう(kung may peste o insekto), がいらい (kung non-native na halaman o invasive species, o ゆうどく(kung nakalalasong halaman), at lagyan ng sticker para sa malalaking basura

● **Mga bagay na gawa sa plastik na mahirap i-recycle**
◆ Mga bagay na kinapitan ng dumi o langis na hindi matanggal
◆ Mga produktong pangkalinisan
◆ Mga medical supplies sa tahanan — *Ang mga karayom ay dapat ibalik sa pagamutan
◆ Mga bagay na gawa sa plastik na may haba na 30 cm o higit pa o may kapal na 5 mm o higit pa

● **Iba pa**
(Mga tape) (Buhangin para sa pet toilet)
*Ibabad muna sa tubig bago itapon ang mga paputok at upos ng sigarilyo



## May bayad para sa pagproseso ng basura — Mga basurang hindi sinusunog (Mga bagay na hindi nasusunog na hindi kabilang sa mga bagay na maaaring i-recyclable)

**Malalaking basura** — Mga bagay na hindi kasya sa itinakdang supot ngunit kayang ikarga sa garbage truck. Tinatayang sukat o laki: sa loob ng 1 m × 50 cm × 50 cm. Idikit ang isang sticker para malalaking basura sa bawat basura bago itapon (粗大ごみシール 40円)

**Bago itapon sa pook ng koleksiyon, ilagay ito sa itinakdang supot**
Ang malalaking bagay na hindi kasya sa supot ay kailangang lagyan ng sticker para sa malalaking basura bago itapon

*Kung gagamitin ang dating itinakdang supot, bago itapon ay siguruhing idikit ang sticker na nagpapatunay na binayaran ito ayon sa laki ng supot (小 20円, 大 30円)

● **Mga produktong gawa sa metal** (takip ng bote) (aluminum foil)

● **Mga ceramics, salamin** (heat-resistant glass) (glass sheet)

*Balutin sa tela, papel, at iba pa ang mga matutulis o basag na bagay at isulat ang nilalaman nito

● **Maliliit na home appliances** — *Maliban sa fuel, baterya
Tanggalin ang oil filter at alisin ang kerosene

● **Iba pa**

Paalala: *Tanggalin o ubusin lahat ang lamang gas sa lighter (Habang pinipindot, pigilan ang lever gamit ang adhesive tape)



**Mapanganib Mag-ingat — Siguruhing huwag itapon kasama ng mga basurang hindi sinusunog dahil maaari itong maging sanhi ng sunog!**
× Mga rechargeable na baterya na tinanggal mula sa maliliit na home appliances, at maliliit na home appliances na may rechargeable na baterya na hindi matanggal ➡ sa mga baterya
× Mga lata ng spray, cassette gas canister ➡ sa mga lata
× Mga bagay na may lamang likido — *Tanggalin o ubusin lahat ang natitirang kerosene sa loob ng heater mismo

**Paalala: Mga bagay na hindi maaaring itapon bilang basurang hindi sinusunog**
(Tingnan ang ibabang bahagi ng kalendaryo para sa "Mga bagay na hindi maaaring itapon sa pook ng koleksiyon")
×Aluminum foil na kinapitan ng duming hindi matanggal
➡ sa mga basurang sinusunog
×Mga produktong gawa sa 100% plastik na hindi sakop sa mga bagay na gawa sa plastik na maaaring i-recycle
➡ sa mga basurang sinusunog
×Mga electric bicycles at iba pa
➡ sa stockyard
×Mga fluorescent lamps
➡ Dalhin sa pook ng koleksiyon
×Air conditioner, TV, refrigerator, freezer, washing machine, clothes dryer
➡ sa recycling program para sa home appliances
×Personal Computer (PC)
➡ sa recycling program para sa PC

Hindi gagawin ang pagkulekta sa mga bagay na inilagay sa supot na hindi itinakda o sa kahon ng karton, kahit mayroon o walang sticker para sa malalaking basura

★Ang **itinakdang supot, sticker para sa malalaking basura**, at iba pa ay mabibili sa mga tindahan (supermarkets, convenience stores, at iba pa). Ang "singil sa pagproseso ng basura" sa oras ng pagbili ay ibinabayad sa siyudad sa pamamagitan ng mga tindahang ito.
Sumangguni sa tanggapan ng Living Environment Management Section (☎224-5035, 224-7635) para sa impormasyon ukol sa **sistema ng bawas o exemption** para sa mga taong regular na gumagamit ng mga bagay tulad ng diapers, at iba pa.

## Mga bagay na hindi maaaring itapon sa pook ng koleksiyon

### Mga bagay na dadalhin sa pasilidad ng pagproseso ng basura (May bayad)

**Pansamantalang maramihang basura** tulad ng mga basurang mula sa paglipat ng bahay, at iba pa, foot-operated sewing machines, malalaking muwebles, wheelbarrow para sa transportasyon, **bead cushion**, jack ng sasakyan (maliban sa hydraulic), tire chain (metal), dumbbell, bakal na tubo, calcium chloride (kailangang ipaalam nang antimano), at iba pa

| Oras ng pagtanggap | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado | Linggo |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 8:30-11:30 | ● | ● | ● | ● | ● | ● | – |
| 13:00-16:30 | ● | ● | ● | ● | ● | – | – |

*Sarado tuwing piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon (Disyembre 31 hanggang Enero 3)
*Kung hindi maaaring dalhin, ipakulekta sa isang awtorisadong contractor o sa Nagano City Recycle Center (kailangang magpareserba). (May bayad ang pagkulekta at transportasyon)

### Mga bagay na hindi maaaring iproseso ng siyudad, ngunit tinatanggap sa stockyard (May bayad)

Hydraulic jack, gulong, **electric bicycle**, electric exercise equipment, tile sa bubong, laryo, kongkretong bloke, oil heater, batong ginagamit sa paggawa ng atsara (na may coating na plastik), *sofa o mattress na may spring, at iba pa.

Paraan ng pagproseso:
umawag muna upang magpareserba sa Nagano City Recycle Center (☎221-5316) at dalhin mismo sa pasilidad.
Ang mga items na may markang * ay kinukulekta din ng sumusunod na 5 kompanya

- Naotomi Shoji Co., Ltd. …… ☎026-222-1884
- Takara Shigen Kaihatsu Co., Ltd. …… ☎0120-030-320
- Equal Zero Co., Ltd. …… ☎026-221-8080
- Tosaki Shokai Co., Ltd. …… ☎026-221-3274
- Dairiki Co., Ltd. …… ☎026-214-3379

### Mga bagay na hindi maaaring iproseso ng siyudad

Bato, buhangin, lupa, pestisidyo, pampasabog, mga nakalalasong kemikal, bayuhan (mortar), likido (tulad ng kerosene, at iba pa), mga home appliances na may freon, fire extinguisher, kotse o motorsiklo (kasama ang mga piyesa), engine type na makina, LP gas cylinder, piano, at mga basurang galing sa kalakal (kasama ang agrikultura), at iba pa

### Ang mga fluorescent lights ay kinukulekta sa pook ng koleksiyon

**Tuwid na tubo, bombilya, at pabilog na mga fluorescent lights**
*Ang LED light, incandescent bulb, at basag na fluorescent lamp ay itapon kasama ng mga basurang hindi sinusunog
*Hindi maaaring itapon ang mga basurang galing sa mga kalakal

Paraan ng pagkulekta:
Dalhin mismo nang direkta sa mga tindahan na nakikilahok sa pagkulekta ng fluorescent lamps, sa tanggapan ng City Hall Living Environment Management Section o mga sangay nito, o di kaya'y sa venue ng Sunday Recycling.

Hangga't maaari ay ilagay ito sa lalagyan o supot na ginamit noong binili ito para maiwasang mabasag.

### Pag-recycle ng mga home appliances (May bayad)

**Air conditioner, TV, refrigerator, freezer, washing machine, clothes dryer**

Paraan ng pagproseso: Gawin sa alinman sa mga sumusunod na paraan:
(1) Ipagawa ang pagproseso sa tindahang pinagbilhan o pinagpalitan
(2) Pagkatapos magbayad ng recycling fee sa koreo, dalhin mismo sa itinakdang lugar ng pagtanggap
Shinano Rikusou Co., Ltd. ☎273-3601 (650-1 Amenomiya, Chikuma City)
Seino Transport Co., Ltd. ☎214-7556 (240-1 Muranishi, Kawai, Mashima-machi, Nagano City)
(3) Pagkatapos magbayad ng recycling fee sa koreo, umupa ng isang awtorisadong contractor para sa pagdadala
(4) Dalhin mismo sa Naotomi Shoji Co., Ltd. (☎222-1884) (maliban sa CRT TV)
Please note, however, that Naotomi does not accept CRT TVs.
*Magkaiba ang recycling fee depende sa manufacturer at laki nito.
*Kahit ito ay baklasin, hindi ito maaaring itapon kasama ng mga basurang hindi sinusunog

### Pag-recycle ng Personal Computer

(1) Pag-recycle ng PC
Ang buong computer unit at display (kasama ang all-in-one)
Ang printer, scanner, at iba pang peripheral devices ay itapon kasama ng mga basurang hindi sinusunog o sa small home appliance recycling
Paraan ng pagproseso:
Tumawag nang direkta sa manufacturer, o di kaya'y gumawa ng aplikasyon sa website at iba pa para sa koleksiyon, at sundin ang mga paraang itinakda ng manufacturer.
Para sa mga katanungan:
PC 3R Promotion Association
☎03-5282-7685 URL: https://www.pc3r.jp
(2) Pag-recycle ng maliliit na home appliances
Tingnan ang leaflet na "Iskedyul para sa Sunday Recycling" para sa mga detalye.
*Kahit ito ay baklasin, hindi ito maaaring itapon kasama ng mga basurang hindi sinusunog

---

Ang muwebles, bisikleta, at mga gamit sa araw-araw na maaari pang gamitin ay pakibigay sa Recycle Plaza.
*Depende sa bagay, may kaso na kung saan maaaring tanggihan ang pagtanggap nito.
**Recycle Plaza** ☎222–3196
Sarado: tuwing katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon

**Opisyal na LINE account ng siyudad ng Nagano**
*Ang "Gomi NAVI for Nagano", na Nagano version ng app sa pagbubukod ng mga basura ay maaari din na i-download mula sa opisyal na LINE account ng siyudad ng Nagano.
Sa paggawa ng friend registration, maaaring hanapin ang tamang paraan sa pagbubukod ng mga basura.

<Para sa mga katanungan>
- Tungkol sa koleksiyon at pagbubukod ng mga basura: Living Environment Management Section ☎026–224–7635 • 026–224–5035
- Tungkol sa pagdala ng mga basurang sinusunog: Greater Nagano Region Union – Nagano Environmental Energy Center ☎026–222–5301 (2-27-1 Matsuoka, Siyudad ng Nagano)
- Tungkol sa pagdala ng basura maliban sa mga basurang sinusunog: Nagano City Recycle Center (dating: Nagano City Clean Center) ☎026–221–5316 (2-42-1 Matsuoka, Siyudad ng Nagano) Mga basurang hindi sinusunog, mga bagay na gawa sa plastik na maaaring i-recycle, papel, lata, bote, PET bottle, baterya, pinutol na mga sanga, dahon, at iba pa

長野市　ごみ・リサイクル

PRINTED WITH SOY INK
環境保全のため、再生紙および大豆インクを使用しています

タガログ語